



ANG

# Bayan

PAHAYAGAN NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS  
PINAPATNUBAYAN NG  
MARXISMO-LENINISMO-MAOISMO

Espesyal na Isyu

Marso 31, 2001

## Palawakin ang baseng masa sa kanayunan!

*Inilalabas bilang Espesyal na Isyu ng AB ang "Mga paglilinaw sa hakbang-hakbang na pag-oorganisa sa kanayunan" na inisyu ng Kawanihang Pampulitika ng Komite Sentral noong Setyembre 2000. Ito ay bilang pagtugon sa panawagan ng Komite Sentral para sa ibayong pagpapalawak ng rebolusyonaryong baseng*

*masa sa kanayunan. Sa pamamagitan ng isyu na ito, inaanyahan ang lahat ng kasama at mga yunit ng Partido, laluna ang mga yunit sa BHB, na magsumite sa AB ng kanilang mga karanasan sa pag-oorganisa, kabilang yaong pagsasapraktika ng mga paglilinaw ng KPKS sa dokumentong ito.*

**S**a pangkalahatan ay nabawi na natin ang mala-king pinsala sa ating baseng masa bunga ng mga nakaraang paglihis at pagkakamali, ng mga matinding operasyon ng kaa-way at panggugulo ng mga kontra-rebolusyonaryong tak-sil. Sa ilang rehiyon ay napantayan o nalampasan na ang dating rurok ng lawak na kanilang inabot.

Naipagpatuloy ang bwelo ng pagpapalawak kahit sa mga lugar na relatibong masinsin ang disputisyon ng mga reaksyunaryong tropa ng kaaway. Ito ay bunga ng mahigpit na paghawak sa prinsipyong

pagsusulong ng masinsin at malaganap na pakikidigmang gerilya, pagpapatupad ng wastong disputisyon ng mga pwersa ng BHB, wastong pagdidisputisyon ng mga tagumpay sa mga abanteng larangang gerilya upang makapagtayo ng iba pang mga bagong larangang gerilya, at pagtiyak ng relatibong magkakaagapay na pag-unlad ng mga larangang gerilya.

Subalit tagibang pa ang latag ng baseng masa sa buong bansa. Nakakonsentra lamang sa iilang rehiyon ang mahigit 60% ng ating baseng masa. Kahit sa mga rehiyon relatibong malawak at matatag ang ating baseng masa, ay labis na nahuhuli ang gawaing konsolidasyon.

Kaya isa sa mahihigpit na

tungkuling itinakda ng KPKS 2000 ang ibayong pagpapabilis ng pag-oorganisa sa masang magsasaka sa kanayunan. Ito ang salalayang para makamit natin ang tunay na masinsin at malaganap na pakikidigmang gerilya sa buong bansa at ang masigabong pagsusulong ng rebolusyonaryong agraryo sa kanayunan. Dagdag pa, ang matinding krisis pang-ekonomya at pampulitika na sumasaklot ngayon sa mala-kolonyal at malapyudal na lipunan ay naghahain ng di karaniwang mga oportunidad upang ibayong mapabilis ang pagpapalawak at pagpapalakas ng mga rebolusyonaryong pwersa, laluna ang rebolusyonaryong laking sa hanay ng masang magsasaka.

Mayroong ilang usapin sa

pag-oorganisa sa kanayunan na sa iba't ibang paraan ay nakakaapekto sa ninanais nating bilis ng pag-oorganisa sa kanyunan. Nililinaw ng KPKS ang mga ito sa ibaba:

**1** Ang Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid sa Pilipinas (PKM - ang rebolusyonaryong organisasyong masa ng mga magsasaka) ay dapat buuin ng lahat ng kwalipikadong magsasaka mula sa maralita at panggitnang magsasaka (saklaw ang mababang panggitna, gitnang panggitna at mataas na panggitna), nang walang pagtatangi sa kasarian, edad, relihiyon.

May tumigas na pananaw at praktika sa ilang bahagi ng rebolusyonaryong kilusan na nagtuturing na limitado ang kasapihan ng PKM sa kalalakihang magsasaka lamang. Ang itinatayong mga grupong pang-organisa ng mag-sasaka at komiteng pang-organisa ng mga magsasaka ay binubuo ng pawang kalalakihan.

Natural at kapaki-pakinabang sa umpisa na ituon ang pansin sa pag-ugnay at pag-oorganisa ng mga kalalakihang magsasaka na tumatayong mga padre de familia (ang familia ang saligang yunit sa produksyon sa kanayunan). Pero ang ganitong panimulang kaayusan ay madalas na mas-yadong tumatagal at sa di ilang lugar ay siya nang nagiging palagiang kalakaran. Katwiran pa ng ilang kasama, saklaw naman ang kababaihan at kabataan sa pag-oorganisa ng kani-kanilang sektoral na organisasyong masa kaya walang problema kung hindi

sila isali sa PKM.

Tuloy, ang kababaihan at kabataang magsasaka ay napag-sasarhan ng pinto ng pangunahing organisasyong masa ng mga magsasaka. Nawawalan sila ng tinig sa samahang masang may natatangi at nangungunang tungkulin sa pagsusulong ng rebolusyonaryo. Samantala, ang samahang magsasaka naman ay pinakikitid at pinahihina ng ganitong maling kalakaran.

Dapat aktibong rekrutin sa PKM ang mga kababaihan at kabataan habang patuloy at ibayo ring pinalalawak at pinalalakas ang mga sektoral na organisasyong masa ng mga kababaihan at kabataan sa baryo. Ang mga ito ay tumutugon sa mga partikular na interes at pakikibaka ng sektor na hindi kayang lubos na asikasuhin ng PKM at tumutulong sa kabuuang konsolidasyon at pagpapa-lakas ng kilusang magsasaka.

Depende sa partikular na kalagayan, maaaring mayroon na agad mapasaping kababaihan at kabataan sa antas pa lamang ng pagbubuo ng mga grupong pang-organisa ng mga magsasaka o di kaya ay maramihan silang pasapiin kapag binubuo na ang mga komiteng pang-organisa at ganap na samahang magsasaka. Anu't anuman, kailangan mulat na saklawin ang kababaihan at kabataan ng mga balak sa pagrerekrut ng mga balangay ng PKM.

Pinatunayan na ng ating mahaba at mayamang karanasan ang kapangyarihan ng mga ganap na samahang magsasaka na binubuo hindi lamang ng

mga padre de familia kundi maging ng kababaihan at kabataang magsasaka sa pagsu-sulong ng armadong pakikibaka at rebolusyonaryo sa kanyunan.

**2** Itransporma ang mga tradisyunal at ligal na organisasyon ng masa sa mga baryo. Bukod sa ligal na tabing ng mga rebolusyonaryong pwersa at aktibidad, ang mga ito ay makapagsisilbing daluyan ng mga hayag na kampanya at pakikibakang masa. Tampok sa mga tradisyunal na organisasyong masa ang mga samahang may kaugnayan sa produksyon (bayanihan, patubig, kooperativa) at ang mga istrukturang pantribo ng mga pambansang minorya.

Ang mga tradisyunal na organisasyong masa sa baryo na may kaugnayan sa produksyon ay nararapat na buuan ng grupo ng Partido at bag-as ng mga aktibistang masa at patnubayan nang ayon sa mga rebolusyonaryong layunin.

Dapat iwasang ibangga sa mga tradisyunal na istrukturang pantribo ang mga rebolusyonaryong samahang magsa-saka na itinatayo sa hanay ng mga pambansang minorya. Sa abot ng makakaya dapat itransporma at gawing rebolusyonaryo ang mga istrukturang pantribong ito. Maaaring maging alyansang organisasyon ang mga ito kung saan ang mga samahang magsasaka ay may sariling lugar at tinig. Higit pa, maaaring paunlarin ang mga ito hanggang sa maging rebolusyonaryong pamunuan at istruktura ng lokal na

demokratikong kapangyarihang bayan.

**3** Dapat itayo ang mga reboleusyonaryong organi-sasyong masa ng iba pang mga pambansang minorya at ipaloob sa NDF bilang mga kaalyadong organisasyon. Bukod sa mga dating nakatayo at nakapaloob na sa National Democratic Front, dapat buuin ang rebolusyonaryong organisasyong masa ng mga Mangyan, Dumagat, Agta, Lumad at iba pa.

**4** Ang pagbubuo ng komiteng pang-organisa ng mamamayan (*kpm*) sa baryo ng magsasaka, kababaihan, kabataan at iba pa ay nangangahulugang epektibong nakalatag na sa mayor na mga bahagi ng baryo ang mga grupong pang-organisa ng mamamayan. Sa gayon, mabisang nasasaklaw na ang kalakhan kundi man kabuuhan ng baryo at nakapakat na ang istruktura para sa malawakang pagrerekrut ng iba pang kwalipikadong maging kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa.

Gayunman, sa mga matatagal nang eryang nakikilusan, maaaring agad na maitayo ang *kpm* batay sa matagal nang pagkakakilala at pagtataasa sa mga abanteng elemento sa baryo.

Kapag nabuo na ang komiteng pang-organisa, dapat mas pabilisin pa ang pagbubuo at pagpapalawak ng mga grupong pang-organisa hanggang maipaloob sa organisasyon ang lahat o malaking mayorya ng dapat maging kasapi ng itinatayong mga organisasyong masa.

Kasabay o kagyat na kasunod rin ng pagtatayo ng mga komiteng pang-organisa ang pagtatayo ng mga komite para sa orga-nisasyon, edukasyon, produksyon, kultura, kalusugan at depensa sa sarili. Ang komiteng pang-organisa at mga komite sa ilalim nito ay nagtutuon ng pansin sa pagbabalak at pagkilos sa saklaw ng buong baryo sa halip na sa hiwahiwalay lamang na mga sityo at bahagi nito. Isinusulong nila pangunahan ang mga pakikibakang agraryo at iba pang kampanyang masa.

Hindi kailangan at hindi mainam ang pagtatakda, gaya ng ginagawa sa ilang rehiyon, ng magkaiba pang kategorya at antas ng ‘regular’ na *kpm* at ‘irregular’ na *kpm* (nakatayo na ang iba’t ibang subkomite sa una at wala pang mga subkomite sa huli). Lalong pinatatalag ng gayong dagdag na kategorya at antas ang pag-oorganisa ng mga rebolusyonaryong organisasyong masa. Kaya hindi na natin gagamitin ang mga kategoryang ‘regular’ na *kpm* at ‘irregular’ na *kpm* sa pag-oorganisa sa kanayunan.

Hindi dapat labis na magtagal sa antas ng *kpm* at labis na inaantala ang pagtatayo ng mga ganap na samahang masa. Maaaring itayo na ang ganap na samahang masa kapag mabisang nasasaklaw na ng pag-oorganisa ang kabuuhan o kalakhan ng baryo at sa mga dapat pasapiin ay makabuluhang bilang na ang narerekrut at ang kalakhan o lahat ng iba pa ay mabisang naaabot at naiimpluwensyahan na. Ang pagpapaloob sa organisasyon ng

mayorya o lahat ng dapat pasapiin ay pwedeng kumpletuhin sa antas ng ganap na samahang masa.

Hindi rin dapat ipagpalibutan walang taning ang pagtatayo ng ganap na samahang masa dahil sa mahigpit na sitwasyong militar na pumipigil sa pagdaraos ng pangkalahatang asembleya ng mga kasapi para maghalal ng pamunuan ng samahan. Bagamat pinakamainam at dapat pagsikapang buuin ang pamunuan ng samahang masa sa pamamagitan ng paghalal ng pangkalahatang asembleya ng mga kasapi nito, pwedeng gawin ang halalan sa pamamagitan ng mga delegadong pinili ng mga kasapi. Kung hindi maidaos ang pangkalahatang asembleya ng mga kasapi, pwedeng gawin iyon kapag mas lumuwag ang sitwasyon.

**5** Ang kasapihan ng mga gpm ay hindi dapat ilimita lamang sa mga aktibistang masa. Sa hakbang-hakbang na pag-oorganisa kailangang isaalang-alang at mulat na asikasuhin ang sumusunod na mga pangunahing layunin/kunsiderasyon:

- Saklawin ng rebolusyonaryong organisasyong masa sa pinakamabilis na paraan ang mayorya kundi man lahat ng target na mga elemento ng mga demokratikong sektor/uri.
- Sistemikong magpali-taw, pumili at magsanay ng mga lider at aktibistang masa sa bawat yugto ng pag-oorganisa at iniwasang ang pamumuno ay nagiging

limitado sa kung sinu-sino lamang ang unang naugnayan, nakilala at napakilos.

•Tiyaking napag-uukulan ng pinakamalaking pansiñ ang pag-oorganisa at pagpapalakas ng papel ng pinakaapi at pinakapinagsasamantalahan ng mga saray—habang epektibong sinasaklaw ang lahat ng demokratiko at progresibong pwersa sa mga baryo.

Ang mga grupong pang-organisa (*gp*) ay itinatayo sa paraang agad na nasasaklaw sa pinakamabilis na paraan ang kalakhan kundi man ang kabuuhan ng baryo, gayundin ang karamihan kundi man ang lahat ng masang maralita at mababang panggitnang magsasaka. Ang mga grupong pang-organisa ay nagsisilbing salalayan o base ng itatayong *kp* at ng ganap na samahang masa; dito pinalilitaw, sinasanay at sinusubok ang mga lider at aktibistang masa na maaasahang humawak ng pamumuno sa antas ng baryo kapag nabuo na ang KP, GSM at OKP. Kaya sa mga *gp* nakapormasyon ang masang kasapihan ng itinatayong samahang masa sa baryo bago mabuo ang mga komite at ang ganap na samahang masa. Sa ganitong konteksto dapat gawin ang pagpapaunlad ng mga aktibistang masa sa loob at labas ng mga grupong pang-organisa. Ang konsentrasyon ng mga aktibistang masa ay nasa *kp* at nasa iba't ibang komiteng itinatayo sa

ilalim ng *kp*/samahang masa. Ang mga aktibistang masa na napapaunlad sa antas ng *gp* ang mga tumatayong lider at pangalawang lider ng mga grupong pang-organisa. Nagagawa din nating makapagpalitaw ng mga hating-panahon na mga aktibista na nakakatuwang ng yunit ng hukbo hindi lamang sa kanilang baryo kundi maging sa karatig na mga baryo.

Ang pagpasok ng masang magsasaka sa mga *gp*, kahit hindi lahat ay mga aktibistang masa ang mismong patunay na handa nang magpaorganisa ang masa. Dapat sunggaban ang pagkakataong ito at maksimisahin ang mga positibong bunga ng mas malawakang pagkakaorganisa ng masa. Kapag handa nang maorganisa ang masa, ang pangunahing usapin na ay kung ano ang akmang mga anyo ng organisasyon at pagkilos para mamaksimisa ang pagpapakilos at pagpapaunlad sa pinakamaraming makakaya sa pinakamabilis na paraan.

Upang mabisang makapamuno at makasaklaw sa masa, ang rebolusyonaryong samahang masa ay kinakailangan kapwa ng mga aktibista at karaniwang kasapi. Labis na kikitid at babagal kahit ang pagpapalitaw ng mga aktibistang masa kapag inilimita sa mga relatibong maunlad na elemento lamang (mga aktibistang masa) ang pagsapi sa mga grupong pang-organisa. Dapat papasukin sa grupong pang-organisa ang sinumang mapagkakatiwalaan, handang pumaloob sa grupo, handang dumalo sa mga pulong at handang tumanggap ng mga gawain dito. Sa mga aktibidad

ng *gp* makikita ang iba't ibang antas ng kasigasigan at kakayahang mga indibidwal na nakapaloob sa grupo at nauugnayan ng grupo, at mabibigyan sila ng iba't ibang gawain ayon sa kanilang kakayahang. Sa ganitong paraan din mapalilitaw ang pinakamaraming sulong na elementong nasa pusisyong mamuno sa antas ng buong baryo.

Kaya maling limitahan sa mga sulong na elemento lamang ang pagpasok sa mga GPM. Dapat ibukas ang pinto at engganyuhing sumapi ang lahat ng elementong handa at gusto nang pumaloob dito habang nagmamatyag sa masasamang elemento.

**6** Sa mga pinakakonsolidadong bahagi ng ating mga larangang gerilya, magkakaagapay na naitatayo ang mga ganap na samahang masa na saklaw bayan o katumbas nito kundi man mas masaklaw pa. Ang pagkakabuo ng mga ganap na samahang masa sa mga baseng gerilya ng ating mga larangang gerilya ay hudyat na maaari nang itayo ang mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo.

Dapat sikaping magkaagapay na buuin ang mga komiteng rebolusyonaryo sa dalawa o higit pang kulumpun ng mga konsolidadong baryo at baseng gerilya sa mga larangang gerilya. Dapat iwasang labis na tumampok o makaakit ng labis na pansiñ ng kaaway ang ilang magkakalapit na baryo o isa lamang maliit na kulumpun ng mga baryo. Dapat isulong nang paalun-alon ang pagtatayo ng mga baseng gerilya at mga organo ng kapangyarihang pampolitika ng mamamayan sa

papalawak nang papalawak na bahagi ng kanayunan.

Sa pagtatayo ng mga komiteng rebolusyonaryo sa baryo, ipinatutupad natin ang patakaranang tatlong sangkatlo (3/3). Ibig sabihin, ang mga KRB ay bubuuin ng mga elementong magmumula sa Partido, batayang masa at panggitnang pwersa. Sa KRB, ang namumunong partido ay ang Partido Komunista ng Pilipinas; ang bag-as ng kapangyarihang pampolitika ay ang saligang alyansa ng uring manggagawa at magsasaka; at ang mga organisasyong masa ay nagsisilbing baseng masa ng gubvernong bayan.

Sa mahigpit na pagtangan sa mga prinsipyong inihanay sa itaas, maiiwasan ang mga nakaraang kahinaan at pagkakamali sa pagtatayo ng mga KRB, gaya ng tendensya ng mapabayaan at malusaw ang organisasyon ng Partido, di maisulong ang pagkokonsolida ng kapangyarihan ng mga batayang uri at labis na mapalaki ang tinig at kapangyarihan ng mga galing sa mga panggitnang pwersa, maliitin at paliit ang bahagi at tungkulin ng mga organisasyong masa, at lumakas ang burukratismo at komandismo.

Kapag ang ganap na samahang magsasaka sa baryo ay nakatayo na sa mayorya ng mga baryong dapat saklawin sa isang bayan, maaaring buuin ang PKM sa antas bayan. Ang pag-abante sa naturang antas ng pag-oorganisa ay may mga rekisito kaugnay ng sapat na gawaing alyansa at gawaing masa sa sentrong bayan,

lakas kumpanya o higit pang armadong pwersa sa larangang gerilya (may sentro de grabidad na lakas platon at nakalatag ang mga iskwad gerilya at nakatayo ang mga yunit milisya sa mga baryo), at malawak at malakas na lokal na organisasyon ng Partido.

**7** Mapangahas na rekrutin sa Partido ang mga pinaka-abanteng elemento sa hanay ng masang magsasaka. Sa mauunlad na malalaking baryo ay maitatayo ang malaki-laking organisasyon ng Partido na binubuo ng sangay ng Partido na may mga grupo ng sangay sa bawat mayor na bahagi ng baryo, mga grupo ng Partido sa loob ng mga organisasyong masa at iba pang rebolusyonaryong pormasyon sa baryo.

Ang sangay ng Partido bilang batayang organisasyon ng Partido ang dapat na mamuno at mangasiwa sa rebolusyonaryong kilusan sa baryo at may pananagutan na tiyakin ang pinakamahigpit na ugnayan ng Partido at masa. Ang mga grupo ng sangay na itinatayo sa mayor na mga bahagi ng baryo ay bahagi ng sangay at kumikilos alinsunod sa kapangyarihan at mga tungkulin ng sangay.

Ang mga grupo ng Partido sa mga organisasyong masa ang tumitiyak ng mahigpit na ugnayan ng Partido at masang kasapihan ng mga organisasyong masa at nagpapatupad ng mga patakaran at desisyon ng sangay sa kanilang saklaw.

**8** Pasiglahin ang edukasyong pampolitika at gawaing pro-

paganda. Labis na nahuhuli ang sistematiskong edukasyong pampolitika ng ating baseng masa. Ang ating gawaing propaganda ay napakalaki rin ang dapat pang iunlad sa nilalaman, anyo, lawak at regularidad.

Dapat gumamit ng mga pamamaraang mabilis na maka-kaabot sa mas marami. Halimbawa ang mga seminar na maiikli at pangmaramihan, paggamit ng mga palabas na *video*, programa sa radyo (ligal at lihim), pagtatanghal pangkultura at iba pa.

Dapat seryosong paunlarin ang paggamit ng radyo sa pamamagitan *community broadcasting*. Magiging daluyan ito ng napapanahon at mabilis na pagpapalaganap sa mga lokalidad ng rebolusyonaryong pagsusuri at paninindigan sa mga isyu, mga balita mula sa iba't ibang bahagi ng bansa, at mga panawagan para sa mga kampanya at pakikibakang masa.

Habang isinasaayos ang makinarya sa pagbobrodkas, hinihikayat ang mga rehiyon at larangan na gumawa at mamahagi ng nasa tape na mga presentasyon at diskusyon ng mga napapanahong isyu at naghahatiid ng mga balita.

Dapat paunlarin din ang paggamit ng still at video camera para itala ang mga taktikal na opensiba ng hukbong bayan at mga pakikibaka ng masa at iba pang mahalagang pangyayari. Ang mga litrato at video ay magagamit sa edukasyong pampolitika at propaganda hindi lamang sa loob kundi maging sa labas ng mga larangang gerilya.